

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Uri ng Pangngalan

Kakayahan: Natutukoy ang uri ng pangngalan sa pangungusap

Tukuyin ang uri ng pangngalang may salungguhit. Isulat ang **PT** kung ito ay **pangngalang pantangi** at **PB** kung ito ay **pangngalang pambalana**. Tukuyin ang uri ng pangngalang pambalana gamit ang mga sumusunod: **PB-T** (tahas), **PB-B** (basal), o **PB-L** (lansakan).

- _____ 1. Ang mga anyong tubig at anyong lupa ay mga biyaya ng Panginoon sa atin.
- _____ 2. Ang Bundok Apo na matatagpuan sa Davao del Sur ay ang pinakamataas na bundok sa Pilipinas.
- _____ 3. Binubuo ng higit sa pitong libong pulo, ang Pilipinas ang isa sa pinakamalaking kapuluan sa mundo.
- _____ 4. Maipagmamalaki nang husto ng mga Pilipino ang kagandahan ng bansa.
- _____ 5. Ang mga Tsokateng Burol ay isang pangkat ng mga burol na magkakalapit at kulay tsokolate kapag tag-araw.
- _____ 6. Sari-saring gulay ang itinanim sa matabang lupa ng Lambak ng Trinidad sa Benguet.
- _____ 7. Naaalala pa ni Alejandro ang pagputok ng Bulkang Pinatubo at ang pag-ulan ng abo sa kanilang lalawigan.
- _____ 8. Maglalakbay ang barkada ni Martin patungong Tagaytay upang makita nila ang Bulkang Taal.
- _____ 9. May ilang tribu ng mga Igorot kaming natagpuan sa aming paglalakbay sa Cordillera.
- _____ 10. Dinarayo ng maraming dayuhang turista ang magagandang tanawin sa Pilipinas.
- _____ 11. Huwag mong kalimutan ang bilin kong pasalubong na presas at *peanut brittle* mula sa Baguio.
- _____ 12. Nag-uwi ng isang buwig ng saging para sa atin si Tatay.
- _____ 13. Ang kaligtasan ng mga mamamayan tuwing may sakuna ay prayoridad ng pamahalaan.
- _____ 14. Ang Bagyong Yolanda na humagupit sa Pilipinas noong Nobyembre 2013 ay nagdulot ng malawakang pinsala sa Visayas.
- _____ 15. Ang tindi ng hangin ng bagyong ito ay nakasira ng napakaraming tahanan at gusali.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Uri ng Pangngalan (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang uri ng pangngalan sa pangungusap

Tukuyin ang uri ng pangngalang may salungguhit. Isulat ang **PT** kung ito ay pangngalang pantangi at **PB** kung ito ay pangngalang pambalana. Tukuyin ang uri ng pangngalang pambalana gamit ang mga sumusunod: **PB-T** (tahas), **PB-B** (basal), o **PB-L** (lansakan).

- PB-B** 1. Ang mga anyong tubig at anyong lupa ay mga biyaya ng Panginoon sa atin.
- PB-T** 2. Ang Bundok Apo na matatagpuan sa Davao del Sur ay ang pinakamataas na bundok sa Pilipinas.
- PT** 3. Binubuo ng higit sa pitong libong pulo, ang Pilipinas ang isa sa pinakamalaking kapuluan sa mundo.
- PB-B** 4. Maipagmamalaki nang husto ng mga Pilipino ang kagandahan ng bansa.
- PB-L** 5. Ang mga Tsokolateng Burol ay isang pangkat ng mga burol na magkakalapit at kulay tsokolate kapag tag-araw.
- PB-T** 6. Sari-saring gulay ang itinanim sa matabang lupa ng Lambak ng Trinidad sa Benguet.
- PT** 7. Naaalala pa ni Alejandro ang pagputok ng Bulkang Pinatubo at ang pag-ulan ng abo sa kanilang lalawigan.
- PB-L** 8. Maglalakbay ang barkada ni Martin patungong Tagaytay upang makita nila ang Bulkang Taal.
- PB-L** 9. May ilang tribu ng mga Igorot kaming natagpuan sa aming paglalakbay sa Cordillera.
- PB-T** 10. Dinarayo ng maraming dayuhang turista ang magagandang tanawin sa Pilipinas.
- PB-T** 11. Huwag mong kalimutan ang bilin kong pasalubong na presas at *peanut brittle* mula sa Baguio.
- PB-L** 12. Nag-uwi ng isang buwig ng saging para sa atin si Tatay.
- PB-B** 13. Ang kaligtasan ng mga mamamayan tuwing may sakuna ay prayoridad ng pamahalaan.
- PT** 14. Ang Bagyong Yolanda na humagupit sa Pilipinas noong Nobyembre 2013 ay nagdulot ng malawakang pinsala sa Visayas.
- PB-T** 15. Ang tindi ng hangin ng bagyong ito ay nakasira ng napakaraming tahanan at gusali.